

## Ipahayad sa buong mundo ang aking Fukushima

Sa Fukushima International Association ay, ginanap ang ika unang pagpipili para sa mga dayuhang naninirahan sa prepektura ng fukushima photo contest na may tema na 「Ipahayag sa buong mundo ang aking Fukushima」 noong Septyembre 21 (Biyernes). Ang mga naatasang pumili (inspector) ay limang (5) katao mula sa bansang Canada, Tsina, Indonesia, Paraguay, at Vietnam, mula sa 180 application total number ay pumili ng 40 application. Ang limang (5) tagapili (judge) ay habang paminsan minsan ay nag uusap usap ay seryoso at maingat nilang pinipili isa isa ang mga karapat dapat para sa contest.

Pag katapos nito ay, ang head judge na si Ms. Yasuda Natsuki (photo journalist) ang pipili ng mananalo mula sa 40 application at makatatanggap ng mga premyo.



※Isang parte ng competition entry

Sa lahat po ng sumali maraming maraming salamat po !

## Sumali ako sa emergency drill


Noong Septyembre 2 (Linggo) ginanap ang Fukushima Prefecture General Emergency Drill sa Tamura General Sports Park. Sa Fukushima International Association ay, ang labing isang (11) katao ng Amerikano at Vietnamese kasama ang siyam(9) na katao ng Tamura International Association ay sumali, kung papaano ang paglilista ng evacuation area accepting record book, maranasan ang paglindol sa pamamagitan ng earthquake simulator car, at ang pagtikim sa mga pagkain na ibinabahagi sa oras ng sakuna. Dagdag pa dito ay, nag insayo din ng pag-aayos ng shelter para sa mga taong nangangailangan ng espesyal na tulong, tulad ng paglalathala ng impormasyon mula sa opisina ng shelter sa wikang Ingles at Intsik, at isinagawa din ang pagsasalamin ng madadaling salita ng Hapon.

Ang dayuhang sumali ay 「Sa aking bansa ay walang drill na isinasagawa para sa prevention for disaster, kaya in case of emergency ay nalaman ko kung ano at dapat gawin」 at nagpapasalamat kami.



## Progreso ng mga dayuhang naninirahan sa prepektura ng fukushima. ■

Ayon sa pahayag ng prepektura ng fukushima 「Ang kasalukuyang kondisyon ng globalization」 ay noong taon ng 2017 huling araw ng buwan ng Disyembre ang kasalukuyang bilang ng mga dayuhang naninirahan dito sa prepektura ng fukushima ay 12,794 katao. Matapos maganap ang sakuna ay pansamantalang bumanba ang bilang ng mga dayuhan, ngunit simula ng taong 2013 ay muling dumami at kung babalikan ang nakaraan ay nasa ika-pangalawang lugar ito. Pag inilagay sa ayos ay ganito ang mga suno-sunod at karamihan ay Tsina, Filipino, Vietnamese, Korea, Nepal.ng.



(Galing sa prepektura ng fukushima ang kasalukuyang kondisyon ng globalization).

## Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa "Fukushima Restoration Station" iba't ibang wika

Sa Fukushima Prefecture's official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site "Fukushima Restoration Station" ay naglunsad ang pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 9 na wika (Hapon, Ingles, Mandarin, Koreyano, German, French, Italiano, Espanyol, at Portuguese). **Fukushima Restoration Station**  
<http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/>

### ● FIA Information

Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima  
 Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

English, Intsik, Hapones

Every Tuesday to Saturday from 9:00 to 17:15

Koreano, Tagalog, Portuges

Thursday from 10:00 to 14:00 ※Appointment necessary for 4th and 5th

### ● Publisher

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture  
 TEL 024-524-1315 FAX 024-521-8308  
 E-mail info@worldvillage.org URL <http://www.worldvillage.org>  
 Facebook <https://www.facebook.com/fiainfo>  
 Twitter [https://twitter.com/fia\\_info](https://twitter.com/fia_info)

☎024-524-1316(direct line) ✉ask@worldvillage.org

Fukushima International Association

# Fukushima

おかげさまで  
**30<sup>TH</sup>**  
 ANNIVERSARY  
 FIA 福島県国際交流協会

# NOW

Vol.8 (Published in November 2018)

30th Anniversary Edition

Ang Prepektura ng Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now" sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon mataposmaganap ang sakuna, kahit na sa pamamagitan ng palitang pang-internasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon.  
 ※Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.



## Voices from Fukushima

Ang ipapakilala sa Voices of Fukushima ngayon ay, minsan ng ipinakilala noong matapos maganap ang sakuna na si Ms. Lilian Takahashi (kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Soma)

Si Lilian ay tumutulong sa pag mamanage ng kindergarden school napag aari ng pamilya ng kanyang asawa at kasabay nito ay inaalaan niya ang dalawa nilang anak na babae. Ang lugar na Haragamachiku na tinitarahan nila Lilian ay nagtamo ng malaking pinsala ng maganap ang tsunami. Nang maganap ang sakuna, si Lilian ay nasa Mexico at nagpreprepara sa gaganaping reception. Ang asawa niya at ang ibang miyembro ng pamilya at ang kindergarden school na nasa mataas na lugar ay nakaligtas. Subalit ang bahay nila at karamihan sa nga kaibigan at kakilala niya ay natangay ng tsunami.

Makalipas ang isang buwan matapos na maganap ang sakuna ay bumalik si Lilian noong Abril taon 2011 upang tumulong na maayos ang kindergarden school para sa muling pagbubukas.

Magbuhat ng maganap ang sakuna ay pitong taon at kalahati na ang nakalipas, tinanong ko siya kung ano ang nararamdaman niya at kung ano ang masasabi niya mula ng maganap ang sakuna at sa ngayon.



### - Kailan ang una mong pag bisita dito sa Hapon?

Noong taon ng 2008 ang kauna-unahan kung pagbisita dito sa Hapon at ang asawa ko ang nag guide. Para sa akin ay napakagandang lugar ng Soma at nagustuhan ko ito kaagad! Halos ar-araw ay pumupunta kami ng asawa ko kasama ang mga kindergarden pupils sa tabig dagat at doon ay kumakain ng tinusok na inihaw na isda, at namumulot ng seaweeds, para sa akin ay napakasaya.

### - Nasa Mexico ka ng malaman mo ang naganap na sakuna, ano ang pakiramdam mo habang hinihintay mo ang buwan ng Abril taon ng 2011 na pabalik ka na dito sa Hapon?

Ng maganap ang sakuna ay halos 45 katao ang lumikas sa kindergarden school. At napakahirap nakakuha ng pagkain ng panahong ito, napag isip isip ko na kung babalik ako sa oras na ito ay baka maging sagabal lang ako kaya mas minabuti kong tumigil muna sa Mexico. Subalit pagkaraan ng isang buwan ay nalaman kong kinakailangan ko ng bumalik at tumulong kaya nag desisyon akong bumalik sa lalong madaling panahon. At maliban dito ay napag isip-isip kong kailangan kong nasa tabi ako nila lalo na ng mga kapamilya ng aking asawa. Dahil sa Mexico ay may kasabihang 「Sa hirap at ginhawa ang pamilya ay dapat magkasama」. Ang magulang ko sa Mexico ay nag aalala tungkol sa radyasyon kaya ayaw muna nila akong pabalikin sa Hapon, ngunit sa pag pupumilit kong makabalik na at makatulong sa pamilya ko sa Hapon ay nakumbinsi din silang payagan akong bumalik dito.

### - Ano ang naramdaman mo ng makita mo ang Soma matapos pinsalain ng sakuna.

Hindi ako makapaniwala sa namalasan ko. Na shock ako ng husto dahil ang alam kong lugar kung nasaan ang supermarket, bakery, barber shop... ay wala sa lugar na kanilang kinatatayuan. Ng mga panahong iyon ay hindi pa ako masyadong nakakapag salita ng wikang Hapon, ngunit tumulong kaagad ako sa kindergarden school at nakipag laro ako sa mga kindergarden pupils. Matapos maganap ang sakuna, ang mga kindergarden pupils ay malungkot dahil sa shock, palaging kinakabahan at natatakot. At saka tuwing maglaro ay palaging buwang bigig ang tsunami. Ang normal na ginagawa nila dati ay ang paggawa ng bahay gamit ang blocks ngunit ng mga panahong iyon ay habang binabanggit ang 「tsunami, tsunami!」 biolenteng sinisira ang blocks at ang gawing ito ay hindi lang isang pupil ang gumagawa kundi halos lahat ng kindergarden pupils. At dahil dito upang makipag komunikasyon sa mga bata ay nag aral ako para magkaroon ng iba't ibang idea.

### - Kapalit ng hindi na tuloy na naka schedule na reception ay, nabalitaan ko na ginanap ang kasal ninyo sa tabing dagat noong buwan ng Mayo (Linggo) taon 2011. At dahil dito ay napag alaman kong ang mga nakapaligid sa inyo ay pinalakas ang loob o naging inspirayon nila ito.

Hanggang sa dumating ang araw ng kasal namin ay inilihim nila ito sa akin at ako ay tagalang nabigla! Ang asawa ko at ang mga kaibigan niya ay sinurpresa ako.

Ako ay nagbihis ng pangkasal sa loob ng kindergarden school, at sa tabing dagat na maraming naiwang dumi kasama na ang mga kamag-anak at mga kaibigan ng asawa ko ay ginanap ang aming kasal. **- Sa pitong taong nakalipas, ikaw mismo Lilian sa tingin mo ba ay may nabago sa iyo?**

Ang pagiging matatag ko siguro ang aking ipinagbago. Dati-rati kasi palagi kong iniintindi kong ano ang sasabihin ng iba, kaya hindi ko masyadong ipinahihiwatig kong ano ang laman ng isip ko. Ang tungkol sa prepektura ng Fukushima ay itinago ko dahil ayaw kong makarinig at masabihan ng kung ano paman kaya pati ang tinitarahan ko ay inilihim ko. Pero ngayon, proud akong sabihin at ipagmalaki na 「ako ay nakatira sa Fukushima」. At ipahayag sa maraming tao ang kagandahan ng Fukushima. Sapat na ang dalawang araw para mapag alaman ang kagandahan nito. Sa pamamagitan ng pagkain ng masarap na ramen, maligo sa mga hot spring, at makipag komunikasyon sa mga mamamayan ng Fukushima. Kaya halina po, pumasyal at makisalamuha sa mga mamamayan ng fukushima!

### - Mayroon ka bang pangarap para sa hinaharap?

Ang mga kabataan ng Hapon ay mababait, palaging maka ngiti, at mga charming ngunit ikumpara sa mga bakataan ng Mexico ay mga mahiyain. Kung darami ang chance ng pakikisalamuha sa banyagang kultura ay, malamang na maging open o hindi sila maalinlangan kahit magkaiba ang kultura at sa ibang tao.

### Boluntaryang aktibidad ng Ingles na mga guro

Noong otso (8) ng Septyembre, ay ginanap ang boluntaryang aktibidad ng mga dayuhang guro ng Ingles sa lunsod ng Minami Soma Odakaku.

Mula sa Daiichi Nuclear Power Plant ang lugar na eto ay may 20 km ang layo. Hanggang noong nakaraang dalawang taon ay kasama ang lugar na ito sa hinatulang preparation for the lifting of the evacuation order, restricted residence area, and difficult-to-return zone. Sa ngayon maliban sa ang ibang parte ng lugar ay tinanggalan na ng limitasyon at halos 35%na ng mga rehistradong residente ng sambahayan ay nagsibalik na.

Ng araw na iyon ay kasama na ang dayuhang guro ng Fukushima ay sumali ang 24 kataong dayuhang guro ng Ingles mula sa prepektura ng Yamagata at prepektura ng Tochige at ang pagpuputol ng mga asera ng kawayan ang kanilang ginawa. Sabi ng isang lalakeng buwan-buwang sumasali sa boluntaryang aktibidad na ito ay, ang lugar na eto ay hinatulang restricted no trespassing kaya maraming mga asera ng kawayang hindi na gagalaw para linisin. At napakabilis lumaki, pag iniwanan mo ang matatag na kawayan ay sisirain ang pader ng bahay, at karamihan ngayon ay nag rerequest na putulin ang asera ng kawayan.

Ang leader na si Ms. Sarah Jones na nag evacuate din sa futaba machi ay nagsabing 「sumali ako sa boluntaryang aktibidad dito simula noong taon ng 2014 isang beses sa isang buwan ay sumasali ako.



Gumamit ng chain saw para putulin ang kawayan, pagkatapos ay tinanggal ang mga sanga at pinutol na may sukat na 50 sentimetro

### Magsasakang Trainee tungo sa kanyang pangarap



「nagtatanim siya ng pipino, kamatis, melon. Pag nahawakan ang dahon ng pipino ay makati!! 」

Sa Ouchi Farm ng Miharu machi, ay halos dalawampung taon na ang nakalilipas ng mag-umpisang tumanggap ng dayuhang magsasakang trainee mula sa Indonesia at Malaysia. Ngayong taon ay kauna-unang tumanggap ng magsasakang trainee ang Ouchi Farm mula sa Pilipinas na si Sagansang Fahard Casim. Si Ginoong Fahard ay pumunta ng Hapon upang pag-aralan kung papaano ang paraan ng paglilinig ng mga gulay at paraan ng pamamahala ng isang magsasaka at mamamalagi siya simula ngayong taon ng Abril hanggang sa susunod ng taon ng Pebrero.

Sa Pilipinas ay nagtatanim din si Ginoong Fahard ng palay at mga gulay ngunit 「ang epidemya sa pagtrabaho ng mga magsasaka sa Hapon ay ibang iba sa Pilipinas. Nabanggit niya na pag balik niya sa Pilipinas ay balak niyang habang nagtrabaho siya sa plantasyon niya ay maging tagapayo sa ibang mga magsasaka.Kung ano ang natutunan niya dito sa Hapon tungkol sa pagsasaka ay siya niyang gagamitin sa Pilipinas kaya desidido siyang makibaka ng mabuti. 」



Sa Fukushima International Association ng matapos maganap ang Great East Japan Earthquake • At ang aksidenteng na ganap sa Daiichi Nuclear Power Plant ang 「Gyro」 ay gumawa ng earthquake disaster revival edition 「FukushimaNOW (dating pamagat ay • Magka-isa Fukushima)」 na inilathala sa iba't ibang wika.Ang magiging commemoration issue ngayon ay,dati ng na interview na pitong (7) katao na naninirahang dayuhan sa Prepektura ng Fukushima na ang topic ay 「Ang gusto kong Fukushima」



Xin chào ! (Vietnamese)

Sa Aizu ay may anim (6) na taon na akong naninirahan. Ang mount Bandai ay gustong gusto ko, At dahil dito ay apat(4) na beses ko na itong inaakyat. Sa pinatuktok ay makikita mo ang lunsod ng Aizuwakamatsu, Kitakata, at ang Inawashiro.


**Pham Van Thanh**

Ang Yumoto Hotspring sa Iwaki ay gustong gusto ko dahil na rerelax ako. Habang ng wiwindow shopping ka ay may coffee shop at foothbath (ashiyu) na puwede kang mag enjoy. Puwera dito ay may event din para sa yoga at hula dance, masayang bayan.

**Ms. Nakata Jane**(galing ng New Zealand • kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Iwaki)



Hello ! (Ingles)



Ang Prepektura ng Fukushima ay may masaganang kalikasan at masasarap na pagkaing napapanahon. Mamamalan din ang napakagandang tanawin at beach sa Inawashiro Lake at doon ay puwedeng mag enjoy sa mga water sports. At saka sa mga mamamayan na maalalahanin at mababait ay nagkaroon ako ng malaking paghanga.

**Ms. Yamaki Chloe** (galing sa England • at kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Koriyama)

Hello ! (Ingles)



Gustong gusto ko ang Koriyama dahil sa may iba't ibang tindahan at mga pasilidad at gusali. Tulad ng mga sumusunod ang Science Park sa Koriyama Big Eye, ang fountain sa harap ng station, Ang malawak na library at shopping mall na marami kang puwedeng puntahan. Ang prepektura ng Fukushima ay gustong gusto ko.

**Mr.Francis Amimo Okoti**(galing ng Kenya • kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Nihonmatsu)

Jumbo! (Swahili)  
Hello ! (Ingles)



Ang Fukushima ay, may napakagandang tanawin at masasarap na pagkain. Sa Shirakawa ay hindi lang mga Pilipina ang kaibigan ko kundi marami din akong mga Hapon at Haponesang kaibigan kaya wala akong kaproble problema sa aking panirahan dito. Ang Shirakawa ay lugar na magandang at karapat dapat na tirahan

**Ms. Iwazawa Christina**(galing Pilipinas • kasalikuyang naninirahan sa lunsod ng Shirakawa)

Magandang Tanghali ! (Pilipino)  
Hello ! (Ingles)

Ang napakagandang kalikasan at hotspring, at saka ang kabaitan at matulunging mamamayan at gustong gusto ko. Dahil kahit na hindi kayo magkakilala pag nagkasalubong sa kalsada ay bumabati sila, at mamamayan sa kapwa mamamayan ay nag tutulungan at napakagandang pagmasdan.

**Ms. Shirosaka Ai**(galing ng Tsina • kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Sukagawa)



你好 ! (Intsik)



Trabaho, pag-aalaga at pag papalaki sa mga anak, pag aaral at band. Kung pag iisip isipin ay hindi ko namalayang dalawampu't tatlong taon (23) na pala ang nakalilipas, ang Fukushima ay naging hometown ko na. Habang natututo akong magsalita at maintindihan ang wikang Hapon, ay lalong lumaki ang interes at pag-irog ko dito, lalo na ang mga mamamayan ay gustong gusto ko.

**Mr. Mahoney Sean**(galing ng Canada • kasalukuyang naninirahan sa lunsod ng Fukushima)

Hello ! (Ingles)  
Bonjour(Pranses)

